

Sipat-Suri sa pelikulang Maid in Malacañang

Portillo, Garry ✉

Leyte Normal University, Philippines (portillogarry.lnu@gmail.com)

Received: 15 January 2023

Available Online: 31 May 2023

Revised: 20 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2005

Accepted: 5 May 2023



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

A film is a popular art form and a chronic form of entertainment and business. Recording real people and things enhance the sharing of a story. This study attempt to examine the history revisionism, the literary symbolisms of the characters, and the art of the film Maid in Malacañang. The study used a qualitative design that utilize content analysis to examine inclusively the research. The participants in the study were five (5) teachers who watched the movie. Based on the results of the study the film does not fit the real historical events. Along with the historical evidence, it is shown that something was changed in the movie that fueled the political desire of the people to change the Marcos family. The symbolism in the characters in the story shows honesty, humility, and luxury, which can be seen in each character as a symbol of the imperfect future of society but the courage shown by the maids in the Marcos family cannot be denied. The movie also showed the classical rivalry between two powerful families which is the beauty of its art. The researcher recommends conducting related studies about other literary works that deal with the history, art, culture, and beliefs of the Filipinos. Analyzing literary works can help gain an understanding of the history and culture of Filipinos.

Keywords: analysis, events, film, political issues, symbolism

Sipat-Suri sa pelikulang Maid in Malacañang

1. Introduksyon

Ang pelikula, na kilala din bilang sine at pinilakang tabing (mula sa kastila película at cine), ay isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng gumagalaw na larawan ang letratong pelikula sa kasaysayan. Ito ay audio-visual (hearing and seeing) - paningin at pandinig ang ginagamit. Ito ay isang anyo ng sining na tanyag at talamak na anyo ng libangan at negosyo. Sa pamamagitan ng pagrekord ng totoong tao at bagay ay napapahusay nito sa pagbabahagi ng isang kwento. Sa pag-aaral ni Faeldan (2010) isa sa mga pinakapopular na libangan ng Pilipino ang panonood ng pelikula angkop ding makita nating hindi lamang basta bahagi ng tinatawag nating mass media ang pelikula, kundi isa rin itong uri ng panitikan na hindi nalalayo sa kwento, dula, o nobela. Sa panitikan, kinakailangan nating alamin kung ano ang banghay, tauhan, tagpuan, simbolo, tema at iba pang sangkap ng kuwento upang maging gabay natin sa pagsuri nito at tuluyang pagkawili rito.

Sa mundo ng pelikula, marami na rin ang nagsasabing ito ang pinakabagong anyong pansining sa larangan ng panitikan na kakikitaan ng pagbibigay ng panibagong buhay na maaaring batayan sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay tinitingala ng publiko at maituturing na may pinakamalawak na impluwensya sa lipunan maging sa indibidwal na mamamaya.

Sa isang magasin na inilathala ni Magcamit (2013) nakasulat na ang isang katangian ng panitikan ay kaya nitong makisabay sa daloy ng panahon. Sa tulong ng mga alagad ng sining at manunulat, ang mga kuwentong unang narinig at nabasa ay maaari nang masilayan sa mas mataas at makulay na antas ng sining—ang pelikula. Ayon sa kanyang pag-aaral sa mga mag-aaral ng kolehiyo ng komersiyo sa Unibersidad ng Santo Tomas, *“Ang pelikula ay isa sa mga kinikilalang sining kasama ng pagpipinta, eskultura, musika, drama at arkitektura na nagbibigay ng yaman sa ating pamumuhay. Sa kasalukuyan, ang pelikula ang may pinakamalawak na impluwensiya sa publiko dahil sa kakayahan nitong magpakita ng mga damdamin at sitwasyon na sadyang mauunawaan ng mga manonood. Tinitingala ito ng publiko na parang salamin ng buhay dahil dito nila nasasaksihan ang paglalarawan ng kanilang mga pangarap, hangarin at paniniwala.*

Ang bawat sining ay may layuning itaas ang kaalaman ng publiko tungkol sa kahalagahan ng konsepto ng kalidad. Malaking hamon ito para sa sining ng pelikula. Upang matamo ang layunin ng kalidad sa isang produksyon, mahalagang magkaroon ng kolaborasyon ang mga taong magsisitrabaho sa isang proyekto. Magastos gumawa ng isang pelikula. Mahalagang mabawi ng isang prodyuser ang mga milyong itataya niya sa isang proyekto. At dahil sa laki ng salapi na maaaring matalo sa isang produksyon, maaaring ang mga taga-industriya ay natatakot na ring sumubok ng mga makabagong ideya.”

Marami ang naghahangad makagawa ng isang mahusay na pelikula. Ngunit bihira ang mga prodyuser na handang simulan ang prosesong ito sa paggawa ng isang matinong iskrip. Sa sistema ng paggawa ng pelikula sa kasalukuyan, ang paghahanda ng isang mahusay na iskrip ay madalas hindi pinagkakaabalahan ng mga prodyuser. Inuuna pa nila ng pagpili ng magandang playdate kaysa sa pagpili ng isang mahusay na kuwento. Dahil dito, madalas nagiging biktima ng pagmamadali ang pagsulat ng mga iskrip. Dagdag sa problema ng mga manunulat ay ang kaalamang tatatlo lamang ang uri ng kuwentong maaari nilang talakayin: iyong kuwentong may iyakan, tawanan o bakbakan.”

Sa pag-aaral ni Lacunio (2002), lumabas sa isinagawang sarbey na ang pagpunta sa mga sinehan para manood ng mga pelikula ay nakaugalian na sa mga mahilig manood ng pelikula. Tunay na ang masang Pilipino ay tanging sinehan ang isa sa mga libangan o pampalipas oras na maituturing nakinagawian na natin. Nakita sa isang sarbey na 63.4% sa 7% na mga tao na nanonoodng mga pelikula ay parte ng educated classes. Mahigit 50% ng mga lokal na moviegoers ayang mga nagkapagtapos ng hayskul at mga nagaaral kolehiyo, samantalang

14% namanang nakapagtapos na ng kolehiyo at mga post-graduate students.”

Ang mga Pilipino, kung pakaiisipin ay hindi lamang gusto ang mga pelikula, napalapit na din ito sa kanilang mga puso. Ang panonood ng pelikula ay ginagawang libangan ng mga pamilya, mag-babarkada, at ng mga magsing-irog. Ang panonood ng pelikula ay nagsisilbing panahon ng kanilang pagkakabuklod-buklod. Makikita rin kung paano na nagging bahagi ng buhay ng mga Pilipino ang pelikula sa pagkahilig nila sa pagbili o paghiram ng Betamax, VHS, VCD at sa panahon ngayon, ay ang DVD. Lokal man o foreign ang pelikula ay dinadagsa pa rin ito ng mga Pilipino (Gascon, 2020).

Isang uri ng panitikan sa anyong patanghal ang pelikula. Naiiba ito sa ibang uri ng panitikan sapagkat naisasalang ito bago ipakita sa madla at karamihang hango sa mga realidad ang mga pelikula. Ayon kay Reyes binanggit ni Perez (2020), ang bias ng realidad sa pelikula ay katulad ng realidad ng tao. Gaya ng tao, maaaring makahawa at makasakitang isang pelikula. Ngunit kahit nakadadala ang drama ng isang pelikula, iba ang timbang ng realidad nito kung ito’y ihahambing sa realidad ng tao. Dagdag pa ni Reyes, nagkakabuhay lamang ang pelikula sa tulong ng imahinasyon ng mga manood.

Ang pelikulang “Maid in Malacañang” ay isang pelikula na tampok ang kwento ng mga Marcos sa loob ng 72 oras sa Palasyo bago lumisan patungong Hawaii. Sa Isang panayam ng Inquirer sa executive producer na si Imee Marcos, ang pelikula ay isang salaysayin ng kanilang karanasan sa loob ng palasyo (Ferrer, 2022). Ayon kay Senator Imee Marcos ang lahat ay pawang katotohanan at walang binago sa nakasulat na kasaysayan. Bago pa man lumabas ang pelikula sa takilya ay naging hati na ang opinyon ng mga tao tungkol dito. August 3, 2022 ng pinalabas ng viva film sa direksyon ni Daryll Yap ang pelikula. Naging kumpulan ng napakaraming isyu ang pelikula kung kaya ay binibigyan diin ng pag-aaral na ito na malalim na pagsusuri sa pelikula mula sa mga tauhan at kagandahan sining at paghihimay sa ilang kasaysayan tampok sa pelikula upang suriin kun ito ay may binago.

Ang pagsusuri na ito ay nakasalig sa paniniwalang simbolismo, historikal, at sosyolohikal. Sa pamamagitan nito masisipat ng manunuri ang elementong saklaw ng pag-aaral na ito at matugon ang mga layunin nito. Ayon kay Zacharasiewicz (2006) ang simbolismo ay isang pag-aaral sa kritisismo. Ito ay may sinusunod na mga hakbangin sa pagbibigay ng kahulugan dahil ito ay gumagamit na nagpapaliwanag sa mga akdang panitikan. Ang pagpapaliwanag sa mga teksto at mga konteksto sa iba’t ibang uri ng panitikan ay ginagamitan ng mga estratehita upang lubos na matukoy ang ibig ipahiwatig sa ginagamit na simbolo, ito ang unang hakbangin. Dagdag pa ang simbolo ay iniuugnay sa tamang uri ng hakbang na ginagamit ng isang manunulat ayon sa paksang literal, deskriptibo, imahe, arketayp at espirituwalidad nito. Ang kateryorya sa paglalarawan sa mga tauhan gamit ang teoryang simbolismo ay *narrative* dito ay mailalarawan natin ayon sa estruktura at pangarap ng mga tauhan sa pelikula.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay sumusuri sa pelikulang Maid in Malacañang sa mga sumusunod:

- mga pagbabagong naganap na ipinakita sa pelikula sa totoong nangyari sa kasaysayan paglalarawan sa mga Marcos
- paano inilarawan ang simbolismo ng mga tauhan na ipinakita ng mga Marcos sa pelikula
- kagandahang sining ng pelikula

2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptiv-kwalitativ na nasa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* upang mabigyan ng kahulugan at malalim na pagsusuri ang pelikulang *Maid in Malacañang*. Ang nilalayon ng pag-aaral na ito na mabatid kung ano ang mga pagbabagong naganap o rebisyon na ipinakita sa

pelikula sa totoong nangyari sa kasaysayan paglalarawan sa mga Marcos, ang mga simbolismo ng bawat tauhan at ang kagandahang sining ng pelikula. Ang mga kalahahok sa pag-aaral ay limang (5) guro na nakapanood ng pelikula.

Ang mga datos na nalikom ay dumaan sa maayos na proseso ayon sa tema o paksang nais ipahiwatig ng pelikulang *Maid in Malacañang*. Ginamit ang tematikong analisis sa pag-aaral bilang paraan ng tritment sa mga datos na natukoy. Ang bawat magkakaugnay na sagot, kaisipan, at konteksto ay pinagsama-sama upang palitawin ang ideya o paksang-diwa at mapadali ang pagsusuri.

Ang pag-aaral na ito ay sumunod sa kabuuang pagsasagawa at binigyang halaga ang buong proseso sa isinasaad na pamantayang etika ng pananaliksik mula sa paglilikom ng mga datos, pag-analisa, pagbibigay lagom at kongklusyon. Bagama't walang nakitang panganib sa pag-aaral na ito sapagkat ang mga naging tagatugon ay mga propesyunal na guro na nasa tamang gulang, nanatili pa ring ang pagbibigay halaga sa pamantayang etika ng pananaliksik

3. Mga resulta at diskusyon

Ang pag-aaral na ito ay may layong suriin kung may mga pagbabagong naganap sa pelikula sa totoong nangyari sa kasaysayan, paano inilarawan ang mga Marcos, at ang kagandahang sining ng pelikula.

3.1 Mga Pagbabago sa Pelikula sa Totoong Pangyayari sa Kasaysayan

Ang pelikula ay isang pamukaw isipan ng mga manonood. Gayundin, ito ay nagsilbing isang anyo ng protesta sa pagsulong ng mga karapatang-pantao, pagbatikos sa maling pamamalakad ng pamahalaan, at pagbibigay opinyon sa mga isyu sa lipunan. Ang *Maid in Malacañang*, bilang isang historikal na pelikula ay sinuri kung mayroong mga senaryo sa pelikula ang nagbago ayon sa totoong pangyayari sa kasaysayan. Ang mga sumusunod ay mga senaryo sa pelikula na may pagbabago sa kasaysayan: a) paglalaro ng mahjong ng mga madre kasama si Cory Aquino b) pagsigaw ni Cory ng “get them out of the Philippines” sa telepono sa loob ng Monasteryo kasama ang mga madre at c) Pagsalakay ng mga Aktibista sa loob ng Malacanang.

Paglalaro ng mahjong ng mga madre kasama si Cory Aquino - Ang senaryong ito ay naging kontrobersyal na usapin matapos denpensahan ng mga Carmelite sisters ang mga pagbabagong ipinakita ng pelikula at maling paglalarawan sa mga madre noong 1986 sa lungsod ng Cebu. Ayon sa pahayag na inilabas ng Carmelite sisters, ang mga madre noong panahon ng EDSA ay binuksan ang kanilang pintuan para bigyan ng seguridad at kaligtasan si Cory Aquino bago ito bumalik sa Manila (Erram, 2021). Ang paglalaro ng mahjong ng madre ay hindi tunay na nangyari sa pelikula dahil panalangin at pag-ayuno lamang ang kanilang naging gawain sa gitna ng panganib sa panahong iyon (Mayol, 2016).

Sa pelikula, inilahad na naganap ang pangyayaring ito noong ika 25 ng Pebrero, ngunit ayon sa panayam ng Cebu Daily News noong 2016 kay Mother Mary Aimee Ataviad, isang saksi sa pangyayari, ito ay eksaktong nangyari noong ika-22 ng Pebrero upang magsagawa ng civil disobedience campaign laban kay Marcos (Mayol, 2016). Ang pagkukop ng mga Carmelite sisters' kay Cory Aquino ay pagbibigay seguridad dahil sa kapahamakan na maaring mangyari sa loob ng pamumuno ni Marcos. Sa katunayan, noong ika-25 ng Pebrero ay nanumpa si Cory Aquino bilang pangulo ngunit sa pelikula ay ibang pangyayari ang inilahad, ito ay pinatunayan ng isang pahayag ni Salvador Laurel sa kanyang talaarawan, pangalawang pangulo ni Cory Aquino (del Mundo, 2013) at ng memoir ng US President na si Ronald Reagan na inilimbag sa New York Times (Karnow, 1989).

Sa isang panayam ng Rappler kay Imee Marcos, ang pelikula ay hango sa katotohanan at walang binago sa kasaysayan, kung gayon lahat ay tiyak at wasto na naayon sa kasaysayan (Ferrer, 2022). Ngunit, ang resulta ng pagsusuring ito, kasama ng mga historikal na ebidensya, ay nagpapatunay na mayroong mga binago sa kasaysayan at hindi tiyak at wasto ang mga kaganapan.

Pagsigaw ni Cory ng “get them out of the Philippines” sa telepono - Ang eksena na ito ay nangyari sa loob

ng monasteryo kasama ang mga Carmelites. Ipinakita ng pelikula ang pagsigaw ni Cory Aquino sa telepono na “get them out of the Philippines!” na tumutukoy sa mga Marcoses. Sa kabilang banda, ang pangyayaring ito ay umani ng reaksiyon mula sa mga historyador kasama ang mga sanggunian bilang patunay na may maling paglalahad ng pangyayari sa pelikula.

Ayon sa direktor ng pelikula, Darryl Yap, kinuha niya ang mga impormasyon tungkol sa senaryong ito mula kay Juan Ponce Enrile (Ferrer, 2022) ngunit si Enrile ay hindi kasama ni Cory Aquino noong gabing iyon. Ayon sa aklat na *An Eyewitness History, People Power: The Philippine Power Revolution of 1986* ni Mercado at Tatad (1986 p. 240), isinulat ni Cecilia Muñoz Palma, ang unang babaeng supreme court associate justice:

“On Tuesday evening, I was with Cory in the home of her sister, Josephine Reyes. There Cory received the phone call from US Ambassador Bosworth....”

Gayundin, ipinakita sa pelikula na nangyari ang eksenang ito sa loob ng monasteryo kasama ang mga madre habang naglalaro ng mahjong, ngunit malinaw sa mga pahayag ni Associate Justice Palma na sila ay nasa bahay ng kapatid ni Cory na si Josephine. Isinalaysay din ni Palma na hindi agarang pinalayas ni Cory ang mga Marcos, bagkus binigyan pa niya ito ng dalawang araw na palugit ngunit ang mga tagapayo ni Cory and hindi sumang-ayon sa desisyong ito (Mercado, 1986).

Kung gayon, ang pangangalap ng impormasyon para sa pelikula ay hindi akma sa totoong nangyari sa kasaysayan. Ang pagkuha ng direktor ng impormasyon kay Enrile tungkol sa eksenang ito ay isang patunay na mayroong mga hindi tiyak na impormasyon ang ipinahayag at ipinakita ng pelikula.

Pagsalakay ng mga aktibista sa loob ng Malacañang - Ang eksenang ito ay nangyari sa labas palasyo kung saan ang mga aktibista ay sumugod sa palasyo na may mga hawak na tanglaw. Umami ng mga batikos ang ilang mga taong nandoon mismo sa kaganapan. Ayon kay Garrido (2022). *“I was one those who entered Malacañang Palace on February 25, 1986. We did not loot the place and we did not bring torches. We took souvenirs, yes, but left it the way it was, shoes at all”* Ito ang kanyang pahayag na taliwas sa ipinapakita sa pelikula na kung saan sinugod nila ang palasyo, sinira ang ilang kagamitan, nagnakaw at sinunod ang mga ito. Tanging “bag” at ilang mahalagang bagay pansarili lamang ang kanilang dala. Bukod dito, walang mga makasaysayang dokumento o ebidensya na nagpapakita na ang mga taong pumasok sa palasyo ay nagdala ng mga sulo.

Dagdag pa sa director na si Darryl Yap na ang kanyang pelikulang "Maid in Malacañang" ay hindi isang dokumentaryo, hindi isang *biopic*, at bilang isang manunulat at direktor, siya ay may kalayaan sa paglikha upang mabuhay ang kanyang pananaw. Kung iyon ang kaso, dapat niyang ilagay ang "historical fantasy" at isang disclaimer sa simula ng pelikula. Nagiging kalituhan sa mga tagapanood ang pelikula dahil isinama ang mga actor na naglalarawan sa tunay na katauhan ng pamilya Marcos. Kung gayon, nakitaan ng historical revisionism ang pelikula dahil walang malinaw at konkretong paglalarawan sa ito. Dagdag pa rito ay hindi ang hindi masusing pangangalap ng mga impormasyon sa mga naging sangkot sa makakasaysayang kaganapan sa palasyo na nagdulot ng mga kalituhan sa mga tagapanood.

Talahanayan 1.1

Simbolismo ng mga Tauhan

TAUHAN	SIMBOLISMO
Crisanta (<i>Ginampanan ni Karla Estrada</i>)	Si Crisanta sa Pelikula ay simbolo ng pagiging tapat na kasambahay.
Lucy Rabino (<i>Ginampanan ni Elizabeth Oropresa</i>)	Si Biget ay simbolo ng katapatan sa gitna na mga aligasyon kinasasangkutan ng kanyang pamiyang pinagsisilbhan. Sumama siya sa Hawaii kasama ang pamilya Marcos.
Felina “Biday” Consulta (<i>Ginampanan ni Beverly Salviejo</i>)	Si Biday sa pelikula ay simbolo din ng katapatan at pag-asa. Hindi nawalan ng pag-asa na makakabalik ang mga Marcos sa bansang Pilipinas.
Irene Marcos (<i>Ginampanan ni Ella Cruz</i>)	Si Irene sa pelikula ang simbolo ng kababaang loob at pagiging mahina. Madalas siya ang unang sumusuko sa laban bunga ng kanyang kabaitan.
Imee Marcos	Si Imee Marcos sa pelikula ay isang mapanghamok, matapang na babae hindi

<i>(Ginampanan ni Cristine Reyes)</i>	siya natitinag sa mga banta ng isang dosenang kudeta, Seven assassination attempt. Dagdag pa rito nagsilbi siyang sandigan ng pamilya Marcos siya ang tumindig at nagbigay lakas ng loob
Young Ferdinand Marcos Jr. <i>(Ginampanan ni Deigo Loyzaga)</i>	Ang binatang si Ferdinand Marcos sa pelikula ay simbolo ng “ <i>happy go lucky</i> ” na binatilyo. Mahilig sa mga inuman, kantahan at pagpapakasaya.
Ferdinand Marcos Sr. <i>(Ginampanan ni Cesar Montano)</i>	Si Ferdinand Marcos Sr. sa pelikula ay simbolo kabaitan at pagmamahal sa bayan. Sa gitna ng mga pagtraydor sa kanya ng ilang kongresista ay naninitiling ito mabait at walang ginagawa upang maghiganti. Gayon na lamang ang pagmamahal niya sa bayan na kahit maraming pangungutya sa kanya ay ni minsan hindi nagbigay ng hudyat sa mga pulisya na barilin ang mga tao na nasal abas na ng palasyo.
Imelda Marcos <i>(Ginampanan ni Ruffa Mae Guitierrez)</i>	Si Imelda Marcos sa pelikula ay sumisimbolo ng karangyaan na may kababaang loob. Pinapatuyan sa isang eksena na sa gitna ng kasarimlan ay nandoon ang kanyang pagpapatawad sa mga taong nagtatangka sa kanilang buhay. Dagdag rito pa simbolo din siya ng mapagmahal na ina at lola sa kanyang mga apo.

Si Crisanta, Lucy at Bidet ay simbolo ng tapat na manggagawa. Si Irene Marcos ay simbolo ng kahinaan ng loob, salungat naman ito sa kanyang kapatid na si Imee Marcos na simbolo ng katapangan at lakas ng loob. Samantala ang mga mabibigat na tauhan sa kwento na si dating first lady Imelda Marcos ay simbolo ng karangyaan na may kababaang loob taliwas ito sa kanyang anak ni Ferdinand Marcos Jr. na maluho sa buhay. Si dating pangulo Ferdinand Marcos Sr. ay simbolo ng kabaitan at pagmamahal sa bayan.

3.2 Kagandahang sining ng pelikula

Ang *Maid in Malacañang* ay pelikulang nagtataglay ng kagandahang at makabuluhang sining na nagpapahayag ng damdamin sa mga pangyayaring totoong naganap na sumasandal sa ideyaliang punto ng pagsisiyasat. Ipinakita sa idealistang pagtingin ang kakayahang maipamalas at maimulat ang isang panig ng pangyayari na matatawag na sining na magpakita sa atin ng “mas malinaw” at “mas totoong” katotohanan. Batid natin na ang mga kagandahang sining ng pelikula na pawang mga imitasyon o reproduksyon lamang ng mga bagay sa daigdig na may kinalaman sa tradisyon at kulturang kinamulatan.

Noong Agosto 3, 2022, naging patok sa iba’t ibang plataporma ng midya pelikulang *Maid in Malacañang*. Ang direktor na si Darryl Yap ang lumikha ng pelikula sa ilalim ng Viva Films. Marami ang usapin ang umiikot sa pelikula at isa na dito ang kagandahang sining nito. Nabigyan ng kahalagahan ang panig ng director sa iba’t ibang usaping patungkol sa kapangyarihan ng mga Marcos na hanggang sa ngayon ay patuloy na tinatanong, binabato at inaalang ang katotohanan. Ang mga eksena sa pelikula ay nagbunga ng intimidasyon sa ilang panig ng mga manunuod dahil sa pagtinging ito, nakasalalay sa “may-akda” ang daan sa pag-unawa sa pelikulang papanuorin. Sa pelikulang ito nagkaroon ng banggaan sa pagitan ng pagpapahalaga sa maiintindihan o mauunawaan ng normal na manunuod at sa pagpapahayag ng director. Ang pelikulang *Maid in Malacañang* ay hindi lamang nagtataglay ng sining ito ay may malaking bahagi ng ating panitikan. Kakikitaan ito ng mga teoryang pangpanitikan sa pagsisiyasat ng pelikula.

Ayon kay Sy (2002), ang bawat bahagi ng pelikula ay nagpapakita ng tunggalian ng dalawang kulay na namumuno sa bansa, ang pula at dilaw. Binibigyang-biswal ng pelikula ay tunggalian ng may kapangyarihan upang manatili ang pagkilala ng mga Pilipino sa kadakilaan ng pangulo. Ito ay nagpapakita ng isang kultura na nagbibigay positibong pananaw sa kahirapan at kagutuman sa bansa. Katulad sa ibang likhang sining na karamihan sa bida ay naisasalaysay kung paano napagtagupayam ang kahirapan ang pelikula ay napakalayo sa realiyad na karanasan ng mga Pilipino.

4. Konklusyon at rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang pelikula ay may malaking epekto sa mga tagapanood kung walang masusing pagsusuri tiyak na mapapatotoo nito ang bawat bahagi ng kwento. Sa pagsipat ng pelikulang *Maid in Malacañang* na hindi

maitatangi ang ilang rebisyon sa kasaysayan na naipakita sa pelikula.

Ang pangangalap ng impormasyon para sa pelikula ay hindi akma sa totoong nangyari sa kasaysayan. Kalakip ng mga historical na ebidendsya ay naipapakita na may binago sa pelikula na nagbunbunsog sa politikal na hangarin na baguhin ng taong bayan sa pamilya Marcos.

Ang mga simbolismo sa tauhan kuwento ay nagpapakita ng katapatan kababaang loob, at karangyaang, makikita sa bawat tauhan ay simbolo ng hindi perpektong mamamayang lipunan ngunit hindi maitatatawag ang katapan na ipinakita ng mga kasambahay sa pamilya Marcos. Ang *Maid in Malacañang* ay may klasikal na tunggalian ng dalawang makapangyarihan pamilya na siyang kagandahan sining nito.

Sa mga natuklasan at konklusyon, inirerekomenda sa pag-aaral na ito na magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral tungkol sa ibang akdang pampanitikan na tumatalakay sa kasaysayan, sining, kultura at paniniwala ng mga Pilipino. Makatutulong ang pagsuri sa mga akdang pampanitikan sa pagkamit ng pag-unawa sa kasaysayan at kultura sa sumasalalim sa kaugalian ng mga Pilipino.

5. Sanggunian

- Aranda, M.R. R. (6-8 March 2014). *Ang Pamilya sa loob ng mga teleserye sa telebisyon*. [Presented at the DLSU Research Congress 2014, De La Salle University, Manila, Philippines].
<https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2018/09/WCF-002.pdf>
- Bagon-Faeldan, A. M. (2010). *Ang sining ng sinematograpiya sa pelikula*.
<https://www.scribd.com/doc/45357461/Ang-Sining-Ng-Sinematograpiya-Sa-Pelikula#>
- Del Mundo, F. (2013). *Doy Laurel: Forgotten patriot of Edsa I*. Inquirer.Net.
<https://newsinfo.inquirer.net/363383/doy-laurel-forgotten-patriot-of-edsa-i>
- Erram, M. M. B. (2021). Cebu and the days leading to February 25, 1986. Cebu Daily News.
<https://cebudailynews.inquirer.net/365044/cebu-and-the-days-leading-to-the-edsa-people-power-revolution>
- Ferrer, J., Jr. (2022). [Opinion] 'Maid in Malacañang' – made with malice?
<https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-maid-in-malacanang-made-with-malice/>
- Garridon, W. (2022) *Claim: Rallyists who raided Malacanang during the EDSA Revolution carried torches*.
<https://factsfirstph-partners.rappler.com/4019/fact-check-rallyists-raided-malacanang-edsa-revolution-carrying-torches/>
- Gascon, A. (2020). *Sining pagganap: Panonood ng pelikula*. <https://sinaya.school.blog/author/gasconandrej/>
- Karnow, S. (1989). Reagan and the Philippines: Setting Marcos Adrift. *New York Times*, 19.
<https://www.nytimes.com/1989/03/19/magazine/reagan-and-the-philippines-setting-marcos-adrift.html>
- Lacunio, N. (2002). Ang Pelikula bilang aklat pangkasaysayan sa panahon ng globalisasyon sa kulturang popular. Retrieved from <http://www.oocities.org/elvinelvinelvin/pelikula.html>
- Magcamit, M. R. (2013). *Kabanata II: Mga kaugnay na literatura at pag-aaral*.
<http://hiwagangpelikulangbollywood2007-2008.blogspot.com/2014/10/kabanata-ii-mga-kaugnay-na-literatura.html>
- Mayol, V. A. S. (2016, February 22). The day the Carmelite nuns hid Cory. *Cebu Daily News*.
<https://cebudailynews.inquirer.net/86832/86832>
- Mercado, M. A. (1986). *An Eyewitness History: People power, the Philippine Revolution of 1986*. Manila, Philippines: JB Reuter, SJ, Foundation.
- Perez, R. A. (2020). *Pelikulang Panlipunan*.
<https://www.scribd.com/document/517231893/Filipino-Module-docx-pelikulang-panlipunan>
- Sy, P. (2022). *Maid in Malacañang: Sining at pelikula sa panlilinlang*.
<https://pinoyweekly.org/2022/08/maid-in-malacanang-sining-at-pelikula-sa-panlilinlang/>
- Zacharasiewicz, W. (2006). Northrop Frye on Canada: Collected Works of Northrop Frye. Volume 12. *Canadian Literature*, (189), 168.

